ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# OPLAN LARO: OPERASYONG PAGPAPAIGTING SA PAKIKILAHOK SA KLASE NG MGA MAG-AARAL NG IKA-10 BAITANG SA TUGON NG LARONG AKTIBO, REALISTIKO AT ORGANISADO

**Donnalyn O. Manuel[1], Criscel C. Melliza[2], Jessa M. Tuba[3]**

[1]*ORCID No. 0009-0001-3932-9293*

*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

[2]*ORCID No. 0009-0004-7552-7912*

*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

[3]*ORCID No. 0009-0009-0006-5211-997*

*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra18278**
**DOI No: 10.36713/epra18278**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Kabilang din ang pagsuri sa makabuluhang pagkakaiba ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagitan ng pre-test at post-test bago at pagkatapos ipatupad ang interbensyong Oplan LARO (Larong Aktibo, Realistiko at Organisado). Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng pre-experimental na disenyo. Ang mga respondente ay kinapalooban ng 36 na mga mag-aaral mula sa baitang 10 – seksyon Rizal ng Luna National High School. Sa resulta ng pag-aaral, ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase bago ang ipinatupad ang interbensyon ay may kabuoang mean na 2.65, ibig sabihin bihira lamang itong naipapakita. Samantala, pagkatapos naman ipinatupad ang interbensyon ay may kabuoang mean na 4.68, ibig sabihin na laging na itong naipapakita. Ipinakita rin sa pag-aaral na ito na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon dahil sa < .001 na p-value. Nangangahulugan lamang na may malaking papel na ginagampanan ang interbensyong Oplan LARO (Larong Aktibo, Realistiko at Organisado) sa pagpapaunlad ng pakikilahok sa klase ng mga mag-aara*

**MGA SUSING SALITA:** *Pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase, pre-test, post-test, pre-experimental*

## INTRODUKSYON

Ang aksyong pananaliksik na ito ay naglalayong itatag ang mga pangunahing konsepto ng pag-aaral hinggil sa pagpapaigting ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Nakasaad dito ang rasyunale, layunin ng pananaliksik at mga kaugnay na literatura. Nakapaloob din dito ang mga iminungkahing inobasyon, interbensyon, at istratehiya bilang solusyon sa problema.

Ang pakikilahok ng mag-aaral ay kaugnay ng pangkalahatang disposisyon nila sa paaralan, mga relasyon sa loob ng institusyon, at kanilang paraan ng pag-aaral. Ang mga estudyanteng sangkot ay hindi lamang nakikilahok sa mga pang-akademikong gawain kundi nagtataglay din ng makabuluhang mga kaibigan sa kanilang mga kaklase at bumubuo ng positibong ugnayan sa kanilang mga guro. Kasama rin dito ang antas ng kanilang motibasyon na mag-aral at umunlad sa kanilang pag-aaral. Subalit, sa kasalukuyan, isa sa mga pangunahing problema ay ang kakulangan ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang mga klase. Madalas, ito ay dahil sa teknolohikal na mga hadlang, kawalan ng interes sa aralin, o kawalan ng motibasyon kaugnay sa paraan ng pagtuturo (Villegas, 2023).

Sa Washington, karamihan sa mga guro ay nagpapahayag ng pag-aalala sa pakikilahok ng kanilang mga estudyante sa loob ng silid-aralan, ito ayon sa naging sarbey mula sa Gradient Learning Poll. Ang sarbey rin na ito ay naglalaman ng mga detalye sa lumalalang krisis ng pakikilahok ng mga estudyante sa silid-aralan. Bukod dito, ang Speak Up research ng Project Tomorrow ay sumusuporta sa mga alalahanin na ito, kung saan 50% ng mga sumagot na mga estudyante ay nagsasabing hindi sila nakikilahok sa karamihan ng kanilang mga gawain sa klase (Ascione, 2023).

Sa bansang Pilipinas, partikular sa Dumaguete, ang isyu sa mababang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga silid-aralan ay nagbibigay ng malaking hamon sa kahusayan ng sistemang pang-edukasyon. Sa kabila ng dedikasyon ng mga guro, tila maraming mag-aaral ang hindi interesado at hindi nakikilahok sa mga sesyon sa klase, na nagbubunga ng negatibong epekto sa kanilang akademikong pagganap (Padilla, 2020).

Sa Division ng Davao del Norte, partikular sa Luna National High School, ang pakikilahok ng mga mag-aaral ay hindi masiyadong nabibigyan ng halaga at atensyon. Sa kabila ng ginagawang pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro, sadyang hindi ito sapat para magkaroon ng sapat at mataas na antas ng motibasyon ang mga mag-aaral. Bunsod nito, nagkakaroon ng pagkukulang sa pakikilahok ang mga mag-aaral na nagreresulta ng negatibo sa kanilang akademikong pagganap at kabuoang pagkatuto.

Ang suliraning ito ay kinailangang siyasatin ng mga mananaliksik lalo pa at ito ay nauugnay sa dahilan upang magkaroon ng epektibong pagkatuto at lalong-lao na ng motibasyon ang mga mag-aaral. Bilang mga guro sa hinaharap, isang napakahalagang aspekto ang mabigyan ng sapat na atensyon ang pagpapalawak sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sapagkat sa pamamagitan nito ay mag-iiwan ng magandang resulta sa kanilang kabuoang pagkatuto at performans sa klase.

**Layunin ng Pananaliksik**

Bibigyang diin ng pagsusuring ito ang magiging resulta sa pre-test at post-test ng mga pakikilahok ng mga mag-aaral sa baitang 10 ng Luna National High School. Ang pag-aaral na ito ay tiyakang makakukuha ng sagot sa mga sumusunod na mga layunin:

1. Tukuyin ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa pre-test.
2. Tukuyin ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa post-test.
3. Suriin ang makabuluhang pagkakaiba ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagitan ng pre-test at post-test.
4. Alamin ang pagiging epektibo ng interbensyon at tukuyin ang mga posibleng pagpapabuti sa hinaharap.

**Haypotesis**

Gagamitin ang null haypotesis na kung saan ay sinukat sa 0.05 na antas ng katiyakan sa pag-aaral na ito. Nagsasaad ito na walang tiyak na pagkakaiba sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa pre-test at sa post-test.

## IMINUMUNGKAHING INOBASYON, INTERBENSYON, AT ESTRATEHIYA

Ang mga larong aktibo, realistiko, at organisado para sa mga mag-aaral ay masayang mga aktibidad kung saan nakikilahok ang mga mag-aaral sa mga pangkat. Ang mga larong ito ay nagbibigay din ng masayang karanasan sa pag-aaral na may kakaibang karanasan at pakikilahok.

Ang mga mananaliksik ay isinaisip ang pagbibigay ng interbensyon na Larong Aktibo, Realistiko, at Organisado upang maging interaktibo ang daloy ng diskusyon. Pagkatapos ng maisakatuparan ang interbensyon ng mga mananaliksik, naglalayon ito na maging mas aktibo at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanilang pakikilahok sa talakayan.

Ang mga interbensyon na gagamitin ng mga mananaliksik ay iniugnay nila sa mga domeyn ng Pakikilahok ng mga mag-aaral na halaw mula sa pag-aaral nina Mekki et al. (2022). Ang mga domeyn na ito ay ang kognitib, apektib, pag-uugali, at sosyal. Para sa kognitib na domeyn, ang mga interbensyon ay ang larong Scrabble Letters, Charades, at 4 Pics 1 word. Para naman sa apektib na domeyn ay ang larong Lights, Camera, Action! habang sa pag-uugali naman na domeyn ay ang mga larong Pick Pack Boom, Vertical Horizontal, at Baskin Robin 21 at sa sosyal naman na domeyn ay ang mga larong Tableau, Message Relay, at Role Play.

Ang kognitib o pangkabatiran na domeyn ay hinggil sa paglilipat o transmisyon ng kabatiran o kaalaman. Tumutukoy ito sa mga pag-iisip na rasyunal, sistematiko o intelektwal. Sa kaisipang ito, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga larong Scrabble Letters, Charades, at 4 Pics 1 Word na kung saan ang mga ito ay nauukol sa prosesong kognitib na domeyn. Ang Scrabble Letters ay nakatutulong upang mapalawak ang bokabularyo at mahasa ang kasanayan sa literasiya. Habang ang Charades naman ay nakatutulong para maging matalas ang pag-iisip sa pagpapasya at kakayahan sa pagsasagot ng mga suliranin. Katulad lang din ng larong 4 Pics 1 Word na nag-uudyok sa mga mag-aaral na makilahok sa klase sa pamamagitan ng pagpapaigting ng kakayahang mag-isip nang maingat at mag-analisa.

Sa kabilang dako, ang apektib na domeyn naman ay may kinalaman sa mga saloobin, damdamin, at emosyon. Ipinapaliwanag nito kung paano reaksyunan ng mga indibidwal ang emosyonal sa parehong mga internal at panlabas na pangyayari, kabilang ang mga motibasyon, halaga, at sigla. Sa layong ito, ang mungkahing laro ng mananaliksik ay ang Lights, Camera, Acting! na nakatutulong sa mga mag-aaral para maipalabas ang kanilang mga emosyon sa pamamagitan ng pag-arte.

Samantala, ang pag-uugali naman na domeyn ay tumutukoy sa mga katangian sa sosyal at pag-uugali ng isang mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Para matugonan ang pagpapaigting ng pakikilahok ng mag-aaral sa domeyn na ito, mungkahi ng mga mananaliksik ang mga larong Pick Pack Boom, Vertical Horizontal, at Baskin Robin 21. Ang mga laro na ito ay naglalayon na pukawin ang interes at gayundin ang atensyon ng mga mag-aaral na maging pokus habang ang talakayan ay nagaganap.

Ang huling domeyn na sosyal ay tumutugon sa kakayahan na makipag-ugnayan sa mga mag-aaral kaugnay ng paggalaw. Sa konseptong ito, ang mga mungkahing laro ng mga mananaliksik ay Tableau, Message Relay, at Role Play. Sa pamamagitan ng mga larong ito ay nagaganyak ang mga mag-aaral at mas napalalawak ang kanilang kakayahang sosyal na nagreresulta sa mas maigting na pakikilahok sa klase.

Dahil dito, ang mga mananaliksik ay ipatutupad ang sumusunod na hakbang sa kanilang pananatili at pagsakatuparan ng nasabing interbensyon.

Una, ang mga respondente ay sasailalim sa pagsagot ng pre-test na may kaugnayan sa pakikilahok ng mga mag-aaral. Bago ang aktuwal na pagsasagawa ng pananaliksik, ang mga mananaliksik ay kukunin ang mga naging resulta sa pre-test. Ang mga magiging resulta ay ikokompara sa magiging resulta pagkatapos maisakatuparan ang interbensyon.

Bago ang implementasyon ng pananaliksik, ang mga mananaliksik ay bubuo ng koneksyon sa kanilang mga napiling respondente at magsasagawa ng oryentasyon na kung saan ang layunin, intensyon at metodolohiya ng pag-aaral ay maipaliliwanag sa kanila sa lenggwaheng kanilang madaling maintindihan. Pagkatapos nito, hihingin ng mga mananaliksik

ang kanilang permiso na sila ay maging parte ng pag-aaral bilang mga respondente nito.

Makalipas ang humigit kumulang tatlong buwan nang pagiging konsistent sa pagbibigay ng interbensyon, ang mga mananaliksik ay maglalaan ng iskedyul para sa post-test ng mga mag-aaral. Pagkatapos ng implementasyon, ang mga mananaliksik ay umaasa na ang isinagawang interbensyon ay makatutulong para mapabuti ang kanilang pakikilahok sa talakayan.

Bilang sukat ng kahusayang pangkomunikatibo at pakikipag-ugnayan, ang ginamit na batayan ay ang Five-point Likert Scale. Dito, ang mga respondent ay nagpahayag ng kanilang mga sagot sa pamamagitan ng pagtsek o pagbilog ng mga numero. Ang limang-puntong Likert scale (mula sa pinakamataas hanggang pinakamababa) ang ginamit ng mga respondent sa pagbibigay ng kanilang tugon. Batay sa bilang ng mga ito, nililista ang inaasahang marka ng datos.

Talahanayan 1
Range of Means

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30-5.00 | Napakataas | Ang antas ng mga pakikilahok ng mga mag-aaral ay laging naipapakita. |
| 3.50-4.20 | Mataas | Ang antas ng mga pakikilahok ng mga mag-aaral ay madalas na naipapakita. |
| 2.70-3.40 | Katamtaman | Ang antas ng mga pakikilahok ng mga mag-aaral ay minsan lang naipapakita. |
| 1.90-2.60 | Mababa | Ang antas ng mga pakikilahok ng mga mag-aaral ay bihirang naipapakita. |
| 1.00-1.80 | Napakababa | Ang antas ng mga pakikilahok ng mga mag-aaral ay hindi naipapakita. |

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral, ang gagamitin na disenyo ng pananaIiksik ay ang kwantitatibong disenyo na gumamit ng pre-experimental na pamamaraan na kung saan sinusuri ang epekto ng isang interbensyon sa isang grupo nang walang komparatibong kontrol na grupo. Madalas na ginagamit sa pamamaraang ito ang simpleng pre-test at post-test upang makita ang pagbabago bago at pagkatapos ng inteebensyon. Gayunpaman, ang pangunahing layunin nito ay ang pagtuklas sa potensyal na epekto ng isang interbensyon bago magsagawa ng mas komplikado at kontroladong pag-aaral (Campbell & Stanley, 1963).

Upang masuri ang bisa ng isang plano, dapat gamitin ng action research ang paraang ito, dahil nagsisilbing unang hakbang ito sa mas malalim na pag-unawa sa bisa at epekto ng mga bagong interbensyon. Ito ay magbibigay-daan sa mga mananaliksik na makalikom ng paunang datos at obserbasyon na mahalaga para sa masusing pag-aaral. Sa pamamagitan nito, maaaring maplano ang nang mas maayos at epektibo ang mga susunod na hakbang ng eksperimentasyon sa hinaharap.

### Instrumento ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng mga tanong na nakabatay sa pag-aaral ni Hymes na tinukoy ni Mekki et al. (2022). Ang mga tanong ay nakatuon sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa klase ng ika-10 baitang, na batay sa pag-aaral na tumutukoy sa mga aspekto ng kognitibo, apektibo, pag-uugali, at sosyal. Bago gamitin, ang mga tanong ay sasailalim sa masusing pagsusuri mula sa panel ng mga eksperto.

Upang madaling masuri ang mga datos na makalap sa pananaliksik, gumawa ang mananaliksik ng isang talahanayan para sa pag-interpreta sa antas ng pakikipag-ugnayan sa ng mga mag-aaral, ang sumusunod na panukat ang ginamit ng mananaliksik:

### Lokasyon ng Pananaliksik

Ipinapakita sa unang pigura ang lokasyon kung saan isasagawa ang pag-aaral. Isasagawa ito ng mananaliksik sa isang mataas na paaralan sa maunlad na Bayan ng Kapalong, Davao del Norte. Ang bayang ito ay kinapalooban ng 14 na barangay isa na rito ang Luna, kung saan makikita ang Luna National High School.

### Sampol at Populasyon

Ang pag-aaral ay isasagawa at ipatutupad sa isang pampublikong paaralan. Ang mga respondente ng pananaliksik ay mga mag-aaral sa baitang-10 ng Luna National High School, Kapalong, Davao del Norte. Pumili lamang ng isang seksyon sa baitang-10 ang mga mananaliksik para maging respondente sa pananaliksik na ito. Ang seksyon na napili ay may kabuoang 37 na mga mag-aaral. Sila rin ang napili na maging respondante sa pananaliksik para masukat ang kanilang antas ng pakikilahok sa klase sa FiIipino at malaman kung mayroon ba itong pagkakaiba sa pagitan ng kanilang pre-test at post-test.

Talahanayan 2
Distribusyon ng mga Respondente

| *Baitang* | *Populasyon* | *Sampol* | *Bahagdan* |
|---|---|---|---|
| 10 RIZAL | 36 | 36 | 100% |

### Hakbang sa Paglikom ng Datos

Ang unang hakbang na ginawa ng mga mananaliksik ay humiling nang may kababaang-loob at sumulat ng isang liham na kahilingan para sa pananaliksik sa pagsasagawa at pagpapatupad ng interbensyon na programa. Ang sulat na

kahilingan mula sa administrasyon ng paaaralan ay naglaan sa sa mga mananaliksik ng pahintulot na magsagawa ng kanilang pananaliksik sa loob ng paaralan ukol sa mga respondente sa pananaliksik.

Sa pagpapatibay, unang hinarap sa grade level head sa paaralan ang mga mananaliksik na may listahan ng mga mag-aaral sa ika-10 na baitang na bahagi ng nasabing pag-aaral. Pagkatapos, humingi rin ng pahintulot sa punong-guro, tagapayo sa seksyon, at mga guro sa asignaturang kabilang sa pag-aaral upang makuha ang lahat ng pangalan na magsisilbing respondente ng pag-aaral.

Matapos makuha ang listahan ng mga pangalan ng mga mag-aaral, maayos na hiningan ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral na makilahok sa nasabing interbensyon nang walang pag-aatubiling mangyari. Dahil ang programa ay nagbigay ng mga pagpapabuti sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.

Pagkatapos ay nagpatuloy sa pagsagawa ng pre-test na pagsusulit sa lahat ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga talatanungan sa kanila upang masukat ang antas ng kanilang pakikilahok sa klase. Pagkatapos, ipinatupad ang interbensyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng serye ng mga tanong at solusyon.

Pagkatapos, ang huling bahagi ay ang post-test na pagsusulit gamit ang parehong mga tanong sa pre-test. Ito ay nakatulong para malaman kung epektibo ang interbensyon o hindi. Ang papel ng programa ay sukatin kung ang pagbibigay ng isang aktibidad bago ang talakayan ay magpapalabas ng motibasyon sa kanila at magpapabuti sa kanilang pakikilahok sa klase.

**Istatistikal na Tritment ng mga Datos**

Ang mga sumusunod na kagamitang istatistikal ay ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral na ito lalo na sa pagsukat sa layunin ng mananaliksik na may 0.05 na antas ng katiyakan.

**Mean.** Ginamit ito upang kalkulahin ang kabuoang datos ng baryabol sa pag-aaral, nang sa gayon ay malaman ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa pre-test at post-test.

**Paired T-test**. Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon. Ito rin ay nakatulong upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa pre-test at post-test ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa klase na nasa baitang-10 ng Luna National High School.

## MGA RESULTA

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Batay sa Kognitibo Bago ang Interbensyon**

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng kognitibo na indikeytor ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase bago ipinatupad ang interbensyong LARO na may kabuoang mean na 2.43 na nangangahulugang mababa na katumbas na paglalarawan. Ibig sabihin nito ay bihira lamang na nakikilahok ang mag-aaral sa kanilang klase.

Batay sa resulta, ang Aytem 1 – "Sinisikap kong maunawaan ito sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa bagay na alam ko na" ay may pinakamataas na mean na 2.81 na may deskripsyong katamtaman na nangangahulugang ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang naipapakita. Sunod naman ay ang Aytem 3 – "Gumagawa ako ng sariling mga halimbawa upang madali kong maunawaan ang mahahalagang konsepto na aking natutuhan sa mga klase sa Filipino" na may mean na 2.61, habang ang Aytem 2 – "Napapaisip ako kung paano maging kapakipakinabang ang impormasyong ito sa totoong mundo", Aytem 4 – "Sinusubukan kong makita ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga bagay na aking natutuhan sa asignaturang ito at mga bagay na alam ko na", at Aytem 5 – "Sinusubukan kong pagsamahin ang iba't ibang impormasyon ang aking natutuhan mula sa asignaturang ito upang makabuo ng ideya" na may mean na 2.14 ay pawang may deskripsyong mababa na nagpapahiwatig na bihirang naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pakikilahok sa klase.

**Talahanayan 3.** ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Kognitibo Bago Ipinatupad ang Interbensyon***

| Kognitibo | Pre-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Sinisikap kong maunawaan ito sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa bagay na alam ko na. | 2.81 | Katamtaman |
| 2. Napapaisip ako kung paano maging kapakipakinabang ang impormasyong ito sa totoong mundo. | 2.36 | Mababa |
| 3. Gumagawa ako ng sariling mga halimbawa upang madali kong maunawaan ang mahahalagang konsepto na aking natutuhan sa mga klase sa Filipino. | 2.61 | Mababa |
| 4. Sinusubukan kong makita ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga bagay na aking natutuhan sa asignaturang ito at mga bagay na alam ko na. | 2.22 | Mababa |
| 5. Sinusubukan kong pagsamahin ang iba't ibang impormasyon ang aking natutuhan mula sa asignaturang ito upang makabuo ng ideya. | 2.14 | Mababa |
| **KABUOAN** | **2.43** | **Mababa** |

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Batay sa Apektib Bago ang Interbensyon**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa apektib. Makikita sa resulta na ang kabuoang mean sa pre-test ay 2.75 at ito ay nangangahulugan na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay katamtaman na nagpapahiwatig na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang naipapakita.

**Talahanayan 4.** ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Apektib Bago ang Interbensyon***

| Apektib | Pre-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Interesadong matuto ng Filipino. | 3.25 | Katamtaman |
| 2. Nawiwili sa pag-aaral ng Filipino sa paaralan. | 2.42 | Mababa |
| 3. Nasisiyahan sa klase sa Filipino. | 2.58 | Mababa |
| **KABUOAN** | **2.75** | **Katamtaman** |

Batay sa resulta bago ipinatupad ang interbensyon, ang Aytem 1 – "Interesadong matuto ng Filipino" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.25 na may deskripsyong katamtaman na nagpapahiwatig na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang naipapakita. Samantalang ang Aytem 3 – "Nasisiyahan sa klase sa Filipino" ang sunod na may pinakamataas na mean na 2.58 na sinundan naman ng Aytem 2 – "Nawiwili sa pag-aaral ng Filipino sa paaralan" na may mean na 2.42. Ang dalawang aytem na ito ay may katumbas na paglalarawang mababa na nangangahulugang ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ay bihira lamang na naipapakita sa klase.

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Batay sa Pag-uugali Bago ang Interbensyon**

Makikita naman sa Talahanayan 5 ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase salig sa pag-uugali. Ipinapakita rito na ang kabuoang mean sa pre-test ay 2.69 na nangangahulugang katamtaman. Ito ay nagbibigay ng interpretasyong ang antas ng interpretasyon na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang naipapakita. Habang ang Aytem 3 – "Ako ay laging nakikinig sa klase" at Aytem 5 – "Aktibo akong nakikilahok sa mga aktibidad sa wikang Filipino sa loob ng silid-aralan" ay pawang may mean na 2.47 na may deskripsyong mababa na nangangahulugang ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay bihira lamang na naipapakita.

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Batay sa Sosyal Bago ang Interbensyon**

Sa kabilang banda, ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase salig sa sosyal. Masasalamin dito na ang kabuoang mean sa pre- test ay 2.73 na nangangahulugang katamtaman at nagbibigay ito ng interpretasyon na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang naipapakita.

Batay sa resulta, bago ipinatupad ang interbensyon, ang Aytem 4 – "Gumagalang sa aking mga kaklase at guro" ang may pinakamataas na mean na 3.31. Sumunod dito ang Aytem 5 – "Nakikipagtulungan sa aking mga kaklase" na ang mean ay na 2.72. Ang dalawang aytem ay may deskripsyong katamtaman na nangangahulugang ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang naipapakita. Samantala, ang Aytem 3 – "Nakapagbabahagi ng mabuting asal sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase" na ang mean ay 2.69, ang Aytem 1 – "Nakapagbabahagi ng kahalagahan sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase" ay may mean na 2.47, at ang Aytem 2 – "Nakapagbibigay ng tulong sa pagpaplano sa gawain tulad ng aking mga kaklase" ay may mean na 2.44. Ang tatlong aytem na ito ay may deskripsyong mababa na may interpretasyong ang

**Talahanayan 5.** ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Pag-uugali Bago ang Interbensyon***

| Apektib | Pre-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 4. Interesadong matuto ng Filipino. | 3.25 | Katamtaman |
| 5. Nawiwili sa pag-aaral ng Filipino sa paaralan. | 2.42 | Mababa |
| 6. Nasisiyahan sa klase sa Filipino. | 2.58 | Mababa |
| **KABUOAN** | **2.75** | **Katamtaman** |

pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang naipapakita.

Makikita rin sa Talahanayan 4 ang pahayag na nasa Aytem 2 – "Nagsusumikap ako sa abot ng aking makakaya" at Aytem 4 – "Nakapapasok ako ng klase sa tamang oras" ay may pinakamataas na mean sa pre-test na pawang nakakuha ng 2.86. Sunod naman ay ang Aytem 1 – "Sinisikap kong maging magaling sa klase" na may mean na 2.81. Ang mga aytem na ito ay may deskripsyong katamtaman na nagbibigay

antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay bihira lang naipapakita.

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Batay sa Kognitibo Pagkatapos ng Interbensyon**

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang post-test na pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa kognitibo pagkatapos ng interbensyon. Ayon sa resulta, ang kabuoang mean ng post-test nito ay 4.68 na nangangahulugang napakataas ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Ibig sabihin nito ay laging naipapakita ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Batay sa resulta, ang nasa Aytem 1 – "Sinisikap kong maunawaan ito sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa bagay na alam ko na" at Aytem 5 - "Sinusubukan kong pagsamahin ang iba't ibang impormasyon na aking natutuhan mula sa asignaturang ito upang makabuo ng ideya" ay ang mga may pinakamataas na mean sa post-test na pawang 4.78 na nangangahulugang napakataas. Nagpapahiwatig ito na ang mga mag-aaral ay palaging nakikilahok sa klase kapag nauunawaan at nauugnay nila ang asignatura sa mga bagay na alam na nila upang makabuo ng ideya. Ang pahayag na nasa Aytem 3 - "Gumagawa ako ng sariling mga halimbawa upang madali kong maunawaan ang mahahalagang konsepto na aking natutuhan sa mga klase sa Filipino" ay ang kasunod na may mataas na mean sa post-test na 4.64 na nangangahulugang napakataas. Nagpapahiwatig ito na ang mga mag-aaral ay palaging nakikilahok sa klase kapag nauunawaan at nauugnay nila ang asignatura sa mga bagay na alam na nila upang makabuo ng ideya.

Samantalang ang pahayag naman sa Aytem 2 – "Napapaisip ako kung paano maging kapakipakinabang ang impormasyong ito sa totoong mundo" at Aytem 4 – "Sinusubukan kong makita ang mga pagkakatulad at

**Talahanayan 6.** ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Sosyal Bago ang Interbensyon***

| Sosyal | Pre-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nakapagbabahagi ng kahalagahan sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase. | 2.47 | Mababa |
| 2. Nakapagbibigay ng tulong sa pagpaplano sa gawain tulad ng aking mga kaklase. | 2.44 | Mababa |
| 3. Nakapagbabahagi ng mabuting asal sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase. | 2.69 | Mababa |
| 4. Gumagalang sa aking mga kaklase at guro. | 3.31 | Katamtaman |
| 5. Nakikipagtulungan sa aking mga kaklase. | 2.72 | Katamtaman |
| **KABUOAN** | **2.73** | **Katamtaman** |

**Talahanayan 7. Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Kognitibo Pagkatapos ng Interbensyon**

| Kognitibo | Post-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Sinisikap kong maunawaan ito sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa bagay na alam ko na. | 4.78 | Napakataas |
| 2. Napapaisip ako kung paano maging kapakipakinabang ang impormasyong ito sa totoong mundo. | 4.61 | Napakataas |
| 3. Gumagawa ako ng sariling mga halimbawa upang madali kong maunawaan ang mahahalagang konsepto na aking natutuhan sa mga klase sa Filipino. | 4.64 | Napakataas |
| 4. Sinusubukan kong makita ang mga pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga bagay na aking natutuhan sa asignaturang ito at mga bagay na alam ko na. | 4.61 | Napakataas |
| 5. Sinusubukan kong pagsamahin ang iba't ibang impormasyon ang aking natutuhan mula sa asignaturang ito upang makabuo ng ideya. | 4.78 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.68** | **Napakataas** |

pagkakaiba sa pagitan ng mga bagay na aking natutuhan sa asignaturang ito at mga bagay na alam ko na" ay pawang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.61 sa post-test. Bagaman sila ang may pinakamababang mean, kabilang pa rin sa antas na napakataas ang pagpapakahulugan sa kanilang pakikilahok sa klase.

**Pakikilahok ng mag Mag-aaral sa Klase Batay sa Apektib Pagkatapos ng Interbensyon**

Sa kabilang dako, makikita sa Talahanayan 8 ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa apektib. Makikita sa resulta na ang kabuoang mean sa post-test sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa apektib ay 4.60 na nangangahulugang napakataas.

ay nagpapahiwatig na tumataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase kapag sila ay may determinasyon sa sarili na magsumikap sa abot ng kanilang makakaya. Samantala ang pahayag na nasa Aytem 1 – "Sinisikap kong maging magaling sa klase" ang kasunod na may mataas na mean sa post-test na may 4.78 na nangangahulugang mataas. Nagpapahiwatig ito na ang mga mag-aaral ay determinadong galingan ang kanilang pakikilahok at sa klase. Habang ang pahayag sa Aytem 5 – "Aktibo akong
nakikilahok sa mga aktibidad sa wikang Filipino sa loob ng silid-aralan" ay ang kasunod sa pinakamababa na nakakuha ng mean sa post-test na 4.64 na nangangahulugang napakataas. Ito ay nagpapahiwatig na

**Talahanayan 8. Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Apektib Pagkatapos ng Interbensyon**

| Apektib | Post-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Interesadong matuto ng Filipino. | 4.72 | Napakataas |
| 2. Nawiwili sa pag-aaral ng Filipino sa paaralan. | 4.50 | Napakataas |
| 3. Nasisiyahan sa klase sa Filipino. | 4.58 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.60** | **Napakataas** |

Sa kaparehong talahanayan makikita na ang pahayag na nasa Aytem 1 – "Interesadong matuto ng Filipino" ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.72 sa post-test na nangangahulugang napakataas. Nagpapahiwatig ito na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay tumataas kapag interesado sila na matuto ng mismong asignatura. Sa kabilang dako ang Aytem 3 – "Nasisiyahan sa klase sa Filipino" ang kasunod na may mataas na mean sa post-test na nakakuha ng 4.58 na nangangahulugang napakataas na nagpapahiwatig na mas nagiging aktibo sila sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Samantala, ang Aytem 2 – "Nawiwili sa pag-aaral ng Filipino sa paaralan" ang nakakuha ng pinakamababang mean sa post-test na 4.50 na nangangahulugang napakataas. Batay sa resulta, makikita na nakikilahok ang mga mag-aaral sa klase kapag nawiwili o nasisiyahan sila sa pag-aaral ng asignatura sa paaralan.

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Pag-uugali Pagkatapos ng Interbensyon**

Samantala, sa bahaging ito, makikita naman sa Talahanayan 9 ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase salig sa pag-uugali. Ipinapakita rito na ang kabuoang mean sa post-test ay 4.70 na nangangahulugang napakataas.

Makikita rin sa Talahanayan 8 ang pahayag na nasa Aytem 2 – "Nagsusumikap ako sa abot ng aking makakaya" ay may pinakamataas na mean sa post-test na nakakuha ng 4.86 na nangangahulugang napakataas. Ito

ginaganahan na pumasok sa tamang oras ang mga mag-aaral sa kanilang klase sa Filipino.

Sa kabilang dako, ang Aytem 3 – "Ako ay laging nakikinig sa klase" at Aytem 4 – "Nakapapasok ako ng klase sa tamang oras" ay nakakuha ng pinakamababang mean na 4.61. Bagaman sila ang pinakamababa, kabilang pa rin ito sa saklaw na nangangahulugan na napakataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Nagpapahiwatig lamang ito na tumataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral kapag nakakapasok sila sa klase ng tamang oras at aktibo sila sa bawat aktibidad sa loob ng silid-aralan.

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Batay sa Sosyal Pagkatapos ng Interbensyon**

Sa kabilang banda, ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase salig sa sosyal. Masasalamin dito na ang kabuoang mean sa post-test ay 4.73 na nangangahulugang napakataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa sosyal.

Makikita sa Talahanayan 9 na ang may pinakamataas na mean sa post-test na 4.92 ay ang pahayag na nasa Aytem 5 – "Nakikipagtulungan sa aking mga kaklase". Ito ay nangangahulugan na napakataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase mula sa kanilang kolaboratibong pakikipag-ugnay sa kanilang mga kaklase. Sa kaparehong banda, ang may kasunod na may mataas na mean sa post-test na 4.78 ay ang pahayag na nasa Aytem 3 – "Nakapagbabahagi ng mabuting asal sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase." na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 9. Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Pag-uugali Pagkatapos ng Interbensyon**

| Pag-uugali | Post-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Sinisikap kong maging magaling sa klase. | 4.78 | Napakataas |
| 2. Nagsusumikap ako sa abot ng aking makakaya. | 4.86 | Napakataas |
| 3. Ako ay laging nakikinig sa klase. | 4.61 | Napakataas |
| 4. Nakapapasok ako ng klase sa tamang oras. | 4.61 | Napakataas |
| 5. Aktibo akong nakikilahok sa mga aktibidad sa wikang Filipino sa loob ng silid-aralan. | 4.64 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.70** | **Napakataas** |

nangangahulugang napakataas ng antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Nagpapahiwatig ito ng kaaya-ayang asal sa paggawa ng gawain sa kaklase. Samantala, ang pahayag na nasa Aytem 4 – “Gumagalang sa aking mga kaklase at guro” na nakakuha ng mean sa post-test na 4.69 na nangangahulugang napakataas at Aytem 2 – “Nakapagbibigay ng tulong sa pagpaplano sa gawain tulad ng aking mga kaklase” ang nakakuha ng ikalawa sa pinakamababang mean na 4.67 sa post-test na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay tumutulong at nagpapakita ng kagandahang asal sa kanilang klase. Habang ang Aytem 1 – “Nakapagbabahagi ng kahalagahan sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase” naman ang nakakuha ng pinakamababang mean na 4.58 sa post-test ngunit kabilang pa rin sa antas na napakataas ang pagpapakahulugan sa kanilang pakikilahok sa klase at nagpapahiwatig lamang ito na tumataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral kapag may gawain sila sa klase.

Masasalamin dito na 2.65 ang kabuoang mean sa pre-test na inilalarawan bilang mababa na nangangahulugang mababa ang pakikilahok ng mga mag-aaral bago pa man ipatupad ang interbensyon. Batay sa naging resulta, ang indekeytor na may pinakamataas na mean sa pre-test ay ang apektib, sinundan ng sosyal, sunod naman ang pag-uugali at panghuli ang kognitib.

Ang salik na apektib ay may mean na 2.75 sa pre-test. Sa apat na salik ay ito ang nakakuha ng pinakamataas na mean sa pre-test. Ang ikalawang salik naman na may kasunod na mataas na mean sa pre-test ay ang sosyal na may kabuoang mean na 2.73. Nakuha naman ng salik na pag-uugali ang ikatlo sa may pinakamataas na kabuoang mean sa pre-test, ito ay may mean na 2.69 na nangangahulugang katamtaman. Panghuli ay ang salik na kognitibo. Ito ay nakakuha ng mean sa pre-test na 2.43 na inilalarawan bilang mababa. Nangangahulugan ito na mababa ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase mula sa apat na salik na pinagbatayan sa pagsukat ng kanilang pakikilahok bago pa man ang interbensyon.

**Talahanayan 10. Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase batay sa Sosyal Pagkatapos ng Interbensyon**

| Sosyal | Post-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nakapagbabahagi ng kahalagahan sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase. | 4.58 | Napakataas |
| 2. Nakapagbibigay ng tulong sa pagpaplano sa gawain tulad ng aking mga kaklase. | 4.67 | Napakataas |
| 3. Nakapagbabahagi ng mabuting asal sa paggawa ng gawain tulad ng aking mga kaklase. | 4.78 | Napakataas |
| 4. Gumagalang sa aking mga kaklase at guro. | 4.69 | Napakataas |
| 5. Nakikipagtulungan sa aking mga kaklase. | 4.92 | Napakataas |
| **KABUOAN** | **4.70** | **Napakataas** |

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Bago ang Interbensyon**

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Pagkatapos ng Interbensyon**

pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa kanilang pag-uugali na aspekto sa tulong ng interbensyon na ginawa.

**Talahanayan 11. Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Bago ang Interbensyon**

| Indikeytor | Pre-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Kognitibo | 2.43 | Mababa |
| 2. Apektib | 2.75 | Katamtaman |
| 3. Pag-uugali | 2.69 | Mababa |
| 4. Sosyal | 2.73 | Katamtaman |
| **KABUOAN** | 2.65 | Mababa |

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino. Masasalamin dito na 4.68 naman ang kabuoang mean sa post-test na nangangahulugang napakataas. Ito ay nangangahulugan na tumaas ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase mula sa resulta ng kanilang kabuoang mean sa pre-test tungo sa resulta ng kanilang pakikilahok sa klase sa post-test. Batay sa naging resulta, ang may pinakamataas na mean naman sa post-test ay ang indekeytor na sosyal, sinundan ito ng pag-uugali, sunod naman ay ang salik na kognitib at panghuli ay ang apektib.

Ang salik na sosyal ay may mean na 4.73 na kabuoang mean na siyang may pinakamataas na mean sa post-test. Sa apat na salik ay ito ang nakakuha ng pinakamataas na mean sa post-test. Nangangahulugan ito na tumaas ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa kanilang sosyal na aspekto pagkatapos ng ginawang interbensyon ng mga mananaliksik.

Ang ikalawang salik naman na may kasunod na mataas na mean sa post-test ay ang pag-uugali na may kabuoang mean na 4.70 na nangangahulugang napakataas. Nagpapahiwatig ito na may pagtaas sa antas ng

Samantala, ang kognitib na salik sa post-test ang ikatlo sa lahat ng mga salik na may mean na 4.68. Nangangahulugan ito na napakataas na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa kanilang kognitibo na salik sa pakikilahok. Pagdating sa post-test ang may pinakamababang mean sa lahat ng salik ay ang apektib na may mean na 4.60 na nangangahulugang napakataas. Gayunpaman pansin pa rin ang itinaas ng antas sa apektib na salik mula sa pre-test hanggang post-test. Nangangahulugan ito na tumaas ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral batay sa kanilang apektib na salik pagkatapos ng implementasyon ng interbensyon.

Samakatuwid, lahat ng salik ay nakitaan ng pagtaas mula sa pre-test tungo sa post-test. Mula sa kabuoang deskripsyon na mababa sa pre-test, ito ay naging napakataas na ng deskripsyon ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ng Filipino.

**Talahanayan 12. Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Pagkatapos ang Interbensyon**

| Indikeytor | Pre-test | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Kognitibo | 4.68 | Napakataas |
| 2. Apektib | 4.68 | Napakataas |
| 3. Pag-uugali | 4.70 | Napakataas |
| 4. Sosyal | 4.73 | Napakataas |
| **KABUOAN** | 4.68 | Napakataas |

**Makabuluhang pagkakaiba ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase sa pagitan ng Pre-test at Post-test**

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang resulta ng pagkakaiba ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga Mag-aaral ng ika-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

10 baitang sa tugon ng larong aktibo, realistiko at organisado, t (35) = 22.458, p < .001.

Sa paggamit ng masinsinang pagsusuri at pag-aaral sa talahanayan, ang pangkalahatang mean ng pre-test ay 2.64 at ang post-test naman ay may kabuoang mean na 4.69, ang anyo ng pagsusulit ay may kabuoang -22.458 t-value na nagpapakita ng negatibong pagkakaiba sa pagitan ng mga palatandaan at dahil ang antas ng posibilidad na < .001 ay mas mababa kaysa sa antas ng kahalagahan na -22.458, samakatuwid ang null hypothesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay hindi tinatanggap.

Ipinahihiwatig sa resulta na ang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagitan ng kanilang pre-test at post-test. Sa pamamagitan ng inimplementa na mga interbensyon ng mga mananaliksik sa klase ng mga respondente ay nagkaroon ng makabuluhang pagbabago na naganap sa kanilang pakikilahok sa klase sa asignaturang Filipino.

salik na apektib ay kritikal na aspekto na dapat bigyan ng pansin upang mapabuti ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Sa katulad na pag-aaral ni Reyes (2019) na kapag ang mga mag-aaral ay hindi aktibong nakikilahok sa mga gawain na pumupukaw ng kanilang emosyonal na interes, nagiging limitado ang kanilang motibasyon at pagkagusto sa pag-aaral. Ito rin ay nagreresulta sa kakulangan ng pakikilahok sa klase, mababang akademikong pagganap, at pagkawala ng koneksyon sa kanilang mga guro at kapwa mag-aaral. Ang mga sanhi nito ay maaaring iba-iba, kabilang na ang kawalan ng interes sa paksa, personal na mga problema, at hindi epektibong pamamaraan ng pagtuturo.

Sa kabilang dako, ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa sosyal na salik bago ipinatupad ang interbensyon ay natukoy din bilang katamtaman. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral ay minsan lang nakikilahok sa klase. Batay sa resulta, masasabing nangangailangang pagtuonan ng pansin ang aspektong ito upang mas lalong mapaigting ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.

Ayon nga sa pag-aaral ni Smith (2021), ang salik na sosyal ay may malaking epekto sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa

**Talahanayan 13. Makabuluhang Pagkakaiba ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa pagitan ng pre-test at post-test**

| Anyo ng Pagsusulit | N | df | Mean | SD | t-value | P-value | Decision $\alpha = 0.05$ |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-test | 36 | 35 | 2.64 | 0.55 | -22.458 | < .001 | Significant |
| Post-test | 36 | | 4.69 | 0.24 | | | |

## DISKUSYON

### Antas ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Bago Ipinatupad ang Interbensyon

Ang pangkalahatang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase bgao ipinatupad ang interbensyon ay inilalarawan na mababa sa kabuoan ng lahat ng palatandaan nito: kognitibo, apektib, pag-uugali, at sosyal. Ibig sabihin, ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay bihira lamang na naipapakita. Batay sa resulta, nangangailangan pang paigtingin ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.

Batay sa resulta ng antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa apektib bago ipinatupad ang interbensyon na larong aktibo, realistiko at organisado ay inilalarawang katamtaman. Ang paglalarawang ito ay nagbibigay ng interpretasyon na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay minsan lang na naipapakita. Sa resultang ito, masasalamin na ang emosyonal na estado ng mag-aaral ay nakaiimpluwensya sa kanilang pakikilahok sa klase.

Kagaya ito sa pag-aaral na ginawa ni Dulay (2019) na kung saan isinaad niya sa kaniyang pag-aaral na ang emosyonal na estado ng mga estudyante, tulad ng pagkakaroon ng mataas na antas ng anxiety o stress ay nagdudulot ng negatibong epekto sa kanilang kakayahang makibahagi sa mga talakayan at aktibidad sa loob ng silid-aralan. Kaya't malinaw na ang mga klase. Napag-alaman sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na may positibong relasyon sa kanilang kaklase at guro ay mas aktibong nakikilahok sa mga talakayan at aktibidad sa klase. Samantala, ang mga mag-aaral na nakararanas ng pambu-bully o kaya'y hindi nararamdaman ang pagkakaroon ng suporta mula sa kanilang mga kapwa mag-aaral at guro ay mas malamang na magpakita ng kawalan o mababang interes at pakikilahok sa klase.

Dagdag pa rito, sa pag-aaral nina Garcia at Reyes (2020) nakita na ang mababang pakikilahok ng mga mag-aaral sa sosyal na aspekto ay nagiging malaking hamon sa kanilang pang-akademikong tagumpay at personal na pag-unlad. Maraming mag-aaral ang nahihirapang makibahagi sa mga extracurricular na aktibidad at mga grupong pangkomunidad, sanhi ng iba't ibang salik tulad ng pagkakaroon ng mabigat na akademikong pasanin, kawalan ng sapat na oras, at minsan ay kakulangan ng suporta mula sa pamilya o paaralan. Ang kakulangan sa sosyal na pakikilahok ay maaaring magdulot ng kawalan ng kumpiyansa at social anxiety.

Ang antas ng pakikilahok naman ng mga mag-aaral sa klase batay sa pag-uugali bago ipinatupad ang interbensyon ay inilalarawan bilang mababa. Ang paglalarawang ito ay may nagbibigay interpretasyon na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay bihira lamang na naipapakita.

Nagpapahiwatig ito na hindi masyadong motibado ang mga mag-aaral sa pakikilahok sa klase.

Ayon sa pag-aaral ni Hasan (2020), ang mga mag-aaral na may negatibong pag-uugali, tulad ng kawalan ng interes at disiplina, ay madalas na nahihirapang makibahagi sa mga gawain sa loob ng klase. Samantala, ang mga mag-aaral na nagpapakita ng disiplina sa sarili ay mas nagagawang mag-pokus at makinig nang mabuti, na siyang nagdudulot ng mas magandang pagkatuto at pakikilahok. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng positibong pananaw sa pag-aaral ay nakatutulong upang mas maging bukas ang mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga guro at kamag-aral, na nagiging dahilan ng mas aktibong pakikilahok sa klase.

Dagdag pa, nakita sa pag-aaral mula sa National Survey of Student Engagement (2022) na ang mababang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga aktibidad na pang-pag-uugali sa paaralan ay isang malalim na isyu na may malawak na epekto sa kanilang akademikong pagganap at personal na pag-unlad. Ang kakulangan ng aktibong partisipasyon ay maaaring maiugat sa iba't ibang salik tulad ng kawalan ng motibasyon, hindi sapat na suporta mula sa mga guro at magulang, at ang impluwensya ng mga teknolohiyang aliw.

Sa kabilang banda, ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa kognitibo bago ipinatupad ang interbensyon ay natukoy bilang mababa. Ito ay nagbibigay interpretasyon na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay bihira lamang na naipapakita. Masasalamin batay sa resulta na ang aspektong kognitibo ay nangangailangan na bigyan ng pansin upang mapaigting ang pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ayon sa mga pag-aaral nina Tze, Klassen, & Daniels (2019), ang mga mag-aaral na may mababang antas ng kognitibong kakayahan ay mas madalas makaranas ng pagkabagot sa klase dahil sa kanilang hirap na makasabay sa mga aralin. Kapag ang isang mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa ng mga konsepto o sa pagsunod sa mga tagubilin, nagiging limitado ang kanilang kakayahan na manatiling interesado sa mga diskusyon. Samakatuwid, mahalaga para sa mga guro na isaalang-alang ang kognitibong kalagayan ng kanilang mga estudyante upang maiwasan ang labis na pagkabagot at mapanatili ang kanilang aktibong pakikilahok sa klase.

Sa pag-aaral nina Miranda-Zapata, Laura, Navarro, Saracostti, & de-Toro (2018) nalaman na ang mababang pakikilahok ng mga mag-aaral sa kognitibong aspekto ay nagdudulot ng malaking hamon sa sistema ng edukasyon. Isa sa mga pangunahing dahilan nito ay ang kakulangan ng interes at motibasyon sa pag-aaral na maaaring bunga ng hindi sapat na suporta mula sa mga guro at magulang, pati na rin ang limitadong access sa mga makabagong kagamitan at teknolohiya na kinakailangan sa pagkatuto.

**Antas ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon**

Pagkatapos ng tatlong buwan na pagpapatupad ng interbensyong LARO na nakatuon sa pagpapaigting ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase, ang resulta ng post-test ay inilalarawan bilang napakataas sa kabuoan ng lahat ng palatandaan nito: kognitibo, apektib, pag-uugali, at sosyal. Ibig sabihin, ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay laging naipapakita.

Batay sa resulta ng anatas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa kognitibo bago ipinatupad ang interbensyon na larong aktibo, realistiko at organisado ay inilalarawang mababa. Nangangahulugan ito na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay bihira lamang na naipapakita.

Maiuugnay ito sa pag-aaral na ginawa nina Cuenca et al. (2018) na kung saan tinalakay niya na ang pagkakaroon ng kolaboratibong aktibidad sa pagkatuto ay may positibong epekto sa pagpapaunlad ng kognitib na dimensyon sa pakikipag-ugnayan. Nakatulong ang interbensyon na Charades ng mga mananaliksik sapagkat sa pamamagitan nito ay nagkaroon ng kolaboratibo at aktibong pakikipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa kanilang mga kaklase at guro na nagpataas ng kanilang antas ng pakikilahok sa klase.

Gayundin, ang pag-aaral nina Kuo et al. (2020) na kung saan binigyang-diin niya na ang paggamit ng teknolohiya sa klase ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kognitib na pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Sa layong ito, naging mabisa ang larong Scrabble Letters at 4 Pics 1 Word na interbensyon ng mananaliksik. Gamit ang teknolohiya sa pagsasakatuparan ng mga larong ito ay naging mabisang paraan para mapalawak at mapataas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang klase.

Sa kabilang banda, ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa apektib pagkatapos ipinatupad ang interbensyon ay inilarawan bilang napakataas. Nangangahulugan ito na ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay laging naipapakita. Samakatuwid, ang interbensyon na ginamit ng mga mananaliksik ay naging epektibo upang mapataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.

Kahalintud ito sa tinalakay sa pag-aaral na ginawa nina Zhang et al. (2021). Ayon sa kanilang pananaliksik, nagiging mataas ang motibasyong intrinsik ng mga mag-aaral pagdating sa pakikilahok sa klase sapagkat naiuugnay nila ang talakayan sa kanilang apektib na pakikipag-ugnayan. Naging mabisa ang ipinatupad na interbensyon na Lights, Camera, Action! na kung saan mas naipalabas nila ang kanilang emosyon sa pakikipag-ugnayan at partisipasyon sa klase.

Dagdag pa rito, ang pag-aaral nina López-González et al. (2019) ay nagpaliwanag rin na ang pagpapakita ng emosyon ng guro sa kaniyang pagtuturo ay nakatutulong upang mas magkaroon ng ugnayan ang bawat isa na nag-uudyok ng pakikilahok sa klase. Ito ay napatunayan ng mga mananaliksik na totoong mabisa sapagkat sa pagpapatupad ng interbensyon, ginamit din ng guro o ng mananaliksik ang kaniyang apektibong pakikipag-ugnayan para mas lalong mapataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.

Ang pakikilahok naman ng mga mag-aaral batay sa pag-uugali pagkatapos ipinatupad ang interbensyon ay inilarawan bilang napakataas. Nangangahulugan ito na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ay laging naipapakita. Nagpapahiwatig ito na naging epektibo ang iminungkahing interbensyon ng mga mananaliksik na Pick Pack Boom, Vertical Horizontal, at Baskin Robin 21.

Ang pag-aaral na ginawa nina Wang et al. (2019) ay nagpaliwanag na ang aktibong partisipasyon sa dimensyon ng pag-uugali ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa komunikasyon. Sa layong ito, naging

epektibo ang interbensyon ng mga mananaliksik na kung saan ang mga ito ay nagtutulak para mas maging aktibo ang mag-aaral na makilahok sa klase. Nakatulong ito na magbukas ng oportunidad sa mag-aaral sa pakikilahok sa klase.

Bukod dito, ang pag-aaral nina Azar et al. (2018) ay nagpatunay na ang konsistenteng mga alituntunin sa klase sa pag-uugali ng mg mag-aaral. Sa pagpapatupad nang konsistent sa mga interbensyon ay nagkaroon ng positibong pagbabago ng antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa kanilang pre-test at post-test. Nasanay at nasiyahan sila sa mga interbensyon na ipinatupad na naging sanhi ng pagpapabuti ng kanilang pag-uugali sa klase.

Ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase naman batay sa sosyal pagkatapos ipinatupad ang interbensyon ay inilarawan bilang napakataas. Nangangahulugan ito na lagi nang naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pakikilahok sa klase na siya ring nagpapahiwatig na naging mabisa ang interbensyon ng mga mananaliksik sa pagpapataas ng antas sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa salik na ito.

Sa pag-aaral nga nina Huang et al. (2019) inilahad na ang pagkakaroon ng intetaksyon sa kanilang mga kaklase ay nakapagtitibay ng magandang relasyon sa kanila. Sa pagkakaroon ng magandang ugnayan at pakikisama sa bawat isa ay nakahihikayat ang mga mag-aaral na makisali o makilahok at makipagtulungan sa pagsasagawa ng mga gawain. Sa pamamagitan ng mga interbensyon na Tableau, Message Relay, at Role Play mas naging malapit ang bawat mag-aaral sa isa't isa na nagpatibay sa kanilang sosyal na pakikisama.

Bilang karagdagan, batay sa pag-aaral nina McIntyre et al. (2018) sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawain na ipinapagawa ng guro ay nagbibigay pagkakataon sa kanila na maibahagi ang kanilang kahusayan. Sa tulong ng mga interbensyon na ipinatupad ng mga mananaliksik, naging sangkap ito na mapabuti at mahikayat ang bawat mag-aaral sa pakikilahok sa klase na nagpataas ng kanilang antas sosyalisayon sa kapwa mag-aaral at maging sa guro.

### Makabuluhang Pagkakaiba ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Klase sa Pagitan ng Pre-test at Post-test

Ang resuIta sa pagkakaiba ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa pagitan ng pre-test at post-test mula sa nakaraang kabanata ay nagsiwalat na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng bago ipinatupad ang interbensyon (pre-test) at pagkatapos maipatupad ang interbensyon (post-test) ng mga respondante sa ika-10 baitang ng Luna National High School. Ito ay batay sa resuIta na kung saan ang nakalkulang t-vaIue ng pag-aaraI ay -22.458 at ang P-vaIue ay < .001. Ito ay batay din sa pangkalahatang mean sa pre-test na inilarawan bilang "mababa" at "napakataas" na inilarawan para sa pangkalahatang mean sa post-test ng mga respondante. Ipinakita rin sa resuta na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang lahat ng indikeytor ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa pagitan ng kanilang pre-test at post-test. Samakatuwid, naging mabisa at epektibo ang mga interbensyon na ginamit ng mga mananaliksik.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pananaliksik, ang mga respondente galing sa ika-10 baitang ng Luna National High School (LNHS) ay sumasang-ayon na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ayon sa kognitibo, apektib, pag-uugali, at sosyal bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon ay napatunayang may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pakikilahok sa klase sa Filipino. Nagpapakita ito na mula sa antas na "mababa" na paglalarawan sa resulta ng pre-test ay naging "napakataas" na paglalarawan na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa resulta ng kanilang post-test.

Dagdag dito, ipinapakita sa pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase salig sa pre-test at post-test ng mga magaaral sa ika-10 baitang ng LNHS. Ipinapahiwatig dito na ang lahat ng interbensyon na ginamit ng mga mananaliksik ay nakatulong sa pagpapaigting ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa tugon ng larong aktibo, realistiko at organisado. Samakatuwid, ang resulta ng pag-aaral na ito ay hindi tinatanggap ang haypotesis na ginamit ng mga mananaliksik.

## REKOMENDASYON

Ang resulta o ang natuklasan sa pananaIiksik na ito ay nagsiwalat na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa tugon ng larong aktibo, realistiko, at organisado sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang ng LNHS kaya iminumungkahi ng mananaIiksik na gumamit ng mga laro kagaya ng mga interbensyon na ginamit ng mananaliksik upang mapaigting lalo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.

Sa pagpapalaganap at pagpapatupad ng interaktibong mga laro sa loob ng klase, mahalaga sa mga guro na unang suriin ang mga larong may kaugnayan sa kurikulum at layunin ng aralin. Dapat silang maglaan ng sapat na oras para sa pagpaplano at paghahanda ng mga gawain o aktibidad na makapagpapataas ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Nararapat din silang magbigay ng malinaw na pagsasanay at gabay sa mga mag-aaral upang matiyak ang wastong pagpapatupad ng mga laro. Mahalaga rin na magkaroon ng de-kalidad na pagsusuri ang mga guro upang matukoy ang mga aspekdto ng pag-unlad at posibleng pagpapabuti. Sa huli, kinakailangan na magtulungan at magbahagi sila ng karanasan at mga ideya sa paggamit ng interaktibong laro sa loob ng klase upang mapaunlad ang kanilang kasanayan at epektibong tagapagtaguyod ng masiglang pagkatuto.

## TALASANGGUNIAN

1. *Ascione, L. (2023). Student engagement remains a major concern.https://www.eschoolnews.com/innovative-teaching/*
2. *Azar, A., Salehi, M., & Tahmasebi, R. (2018). Effect of clear and consistent classroom rules on behavioral engagement of high school students. International Journal of Instruction, 11(3). http://doi.org/10.12973/iji.2018.1139a*
3. *Bond, M., Buntins, K., Bedenlier, S., Zawacki-Richter, O., & Kerres, M. (2020). Mapping research in student engagement and educational technology in higher education: A systematic evidence map. International Journal of Educational Technology in Higher Education, 17(1).*
4. *Bowden, J., Tickle, L., & Naumann, K. (2019). The four pillars of tertiary student engagement and success: A holistic measurement approach. Studies in higher education.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

5. *Chen, H. J., & Kim, J. (2020). Effects of social support on social engagement, academic achievement, and psychological well-being of college students. Journal of College Student Development, 61(2). http://doi/ 10.1353/csd.2020.0016*
6. *Cuenca, A. M., Tormo, R., Cáceres, M. P., & Gallardo, V. (2018). The impact of collaborative learning activities on student engagement in a problem-based learning course. Higher Education Research & Development Journal, 37(4). http://doi.org/10.1080/07294360.2017.1416518*
7. *Delfino, A. P. (2019). Student engagement and academic performance of students of partido state university. Asian Journal of University Education, 15(1).*
8. *Dulay, H. S. (2019). Emosyonal na Kalusugan at Ang Partisipasyon ng Mag-aaral: Isang Pag-aaral sa Filipino Setting. Journal of Educational Psychology and Development, 12(3), 45-58*
9. *Faustino, J., & Paglicawan, J. (2021). The impact of social engagement on academic performance of senior high school students. International Journal of Social Sciences and Humanities Research, 9(2).*
10. *Flint, J., & Millard, A. (2018). School engagement: potential of theconcept, state of the evidence. Review of Educational Research Journal, 74 (1).*
11. *Garcia, A. L., & Reyes, M. P. (2020). Social participation and academic performance among high school students: A correlational study. Journal of Educational Research and Development, 15(2), 123-135*
12. *Hamdan, A. R., Alsalem, N. A., Alghazo, I. M., & Hamad, S. A. (2020). Mobile learning and student engagement: A systematic review. Education and Information Technologies Journal, 25(4). http://doi.org/10.100*
13. *Hasan, J. (2020). The Impact of Student Behavior on Classroom Participation. Journal of Educational Psychology, 45(3), 234-250*
14. *Huang, Y., Jin, Y., Liu, B., & Ding, Y. (2019). The mediating effect of friendship network on student social engagement: Evidence from China. Children and Youth Services Review Jouranl, 104. http://doi.org/10.1016/j.childyouth.2019.06.012*
15. *Johnson, M. A., & Smith, R. B. (2018). The impact of student interaction on academic achievement. Journal of Educational Psychology, 45(2).*
16. *Kuo, Y. C., Walker, A. E., Belland, B. R., & Schroder, K. E. (2020). A case study of teaching with technology: Effects on cognitive engagement and retention. Journal of Educational Computing Research, 58(3). http://doi.org/10.1177/0735633119894837*
17. *Li, X., Li, Q., Ma, X., Liu, Q., & Li, L. (2020). The effect of value education on student affective engagement: A quasi-experimental study. Journal of Social Psychology of Education, 23(5). http://doi.org/10.1007/s11218-019-09511-7*
18. *Liu, Q., Kwan, R., Li, W., Zhou, M., & You, J. (2018). The effect of supportive learning environment and self-regulation on e-learning efficacies in higher education. Journal of Educational Technology & Society, 21(3).*
19. *López-González, L., García-Sánchez, J. N., & Ortega-Ruiz, R. (2019). Emotional contagion in the classroom: The impact of teacher emotions on student affective engagement. Journal of School Psychology, 77. http://doi.org/10.1016/j.jsp.2019.09.004*
20. *Mcintyre, J., Corcoran, W., Woods, H., & Bentall, R. (2018). Academic and non-academic predictors of student psychological distress: The role of social identity and loneliness. Journal of Mental Health, 27 (3).*
21. *Mekki, O., Ismail, A., And Hamdan, D. (2022). Student engagement in English language classes: an evaluative study. Sohag University International Journal of Educational Research, 3(6). http://doi.org/10.21608/suijer.2022.214016.*
22. *Miranda-Zapata, E., Laura, L., Navarro J.J., Saracostti, M., de-Toro X. (2018) Modelling the Effect of School Engagement on Attendance to Classes and School Performance, Revista de Psicodidáctica (English ed.), Volume 23, Issue 2, Pages 102-109*
23. *Padilla, P. (2020). Students' perspectives on engagement, learning and pedagogy: self-evaluations of university students in Spain. https://journals.sagepub.com/doi/full/10.1177/2158244020924063*
24. *Park, J. H., Yun, S. H., & Lee, J. H. (2019). Effects of teacher characteristics on student engagement. Teaching and Teacher Education, 87(4). http://doi.org/10.1016/j.tate.2019.102901*
25. *Pasek, J., More, E., & Hargittai, E. (2020). Navigating the digital divide: A systematic review of digital inequalities in scholarly communication. Journal of Communication, 70(5).*
26. *Pentaraki, A., & Burkholder, G. J. (2017). Emerging evidence regarding the roles of emotional, behavioural, and cognitive aspects of student engagement in the online classroom. European Journal of Open, Distance and E-Learning, 20(1).*
27. *Reyes, J. B. (2019). "Ang Papel ng Emosyon sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Mataas na Paaralan." Journal of Philippine Education, 34(2), 45-58.*
28. *Smith, J. (2021). The Impact of Social Factors on Student Participation in the Classroom. Journal of Educational Psychology, 113(4), 563-578.*
29. *The NSSE (2022) Engagement Indicator Descriptions and Component Items. Available at: https://nsse.indiana.edu/nsse/survey-instruments/engagement-indicators.html*
30. *Thomas, C., & Allen, K. (2020): Driving engagement: Investigating the influence of emotional intelligence and academic buoyancy on student engagement. Journal of Further and Higher Education. https://doi.org/10.1080/0309877x.2020.1741520*
31. *Tze, V. M. C., Klassen, R. M., Daniels, L. M. (2019). Patterns of boredom and its relationship with perceived autonomy support and engagement. Learning and Instruction, 30, 124-132.*
32. *Villegas, F. (2023). Student engagement: what it is & how to increase it. https://www.questionpro.com/*
33. *Wang, H. J., Chiu, M. H., Hsu, W. Y., & Huang, W. H. (2019). The effect of active participation opportunities on behavioral engagement in a flipped classroom setting. Journal of Interactive learning environments, 27(2). http://doi.org/10.1080/10494820.2017.1398659*
34. *Zhang, C. M., & Kuh, G. D, Huang, K. (2021). Effects of specialized programs on student engagement and success in college. Research in higher education Journal, 61(3). http://doi.org/10.1007/s11162-019-09588-9*